

Huwag Kang Ma-adik

Alamin kung paano maiwasang maloko sa mga karaniwang scam na nakatuon sa mga nakatatanda.

Alamin kung paano maiwas ang iyong mga mahal sa buhay na maakit sa mga bitag ng mga scammer.





Aging & Independence Services (AIS)



Ang mga nakatatanda ang mga pinaka-madaling ma-scam dahil sila ang pinakakaraniwang grupo ng edad na tinatarget. Marami ang vulnerable dahil mapagtiwala sila. Mga mail ng sweepstake, investment scheme, sales-pitch luncheon, grandparent-scam-calls – kapag ikaw ay nasa partikular na edad, ikaw ay mabobombardo ng mga kawatan na susubukang linlangin mula sa iyo ang iyong pinaghirapan pera.

Mahigit sa kalahati ng mga kasong naimbestihagan ng Mga Serbisyong Proteksiyon sa Pang-adulto ng County ay may ilang elemento ng pinansyal na pang-aabuso. Ang skulduggery na ito ay mas lalong lumalaganap sa pagtanda ng ating populasyon. Mas madali para sa mga kawatan na subukang makipag-usap sa iyo sa telepono, kaysa gumamit ng pisikal na pag-atake para makuha ang gusto nila.

Mahirap mahuli ang mga manlolokong ito. Ang karamihan ay hindi naninirahan sa U.S. Bumibili sila ng listahan ng mga potensyal na biktima mula sa ibang mga scammer. Gumagamit sila ng hingi ma-trace na telepono. Pinapabili nila ang kanilang mga biktima ng Green Dot MoneyPak na mga card, magdagdag ng pera, pagkatapos ay ibibigay ng mga card number sa mga scammer. Di nagtagal ay naubos ang pera. Walang tsansang mabawi ito.

Upang maiwasang maging biktima, ang mga nakatatanda ay kailangan ibaba ang tawag, itapon, isara ang pinto at huwag pansinin. Hindi ito lagging madali dahil sumusubok ng mga bagong pandaraya ang mga scammer. Ngunit kahit hindi nila ito likas na katangian, ang Greatest Generation at mga Baby Boomers ay dapat na mas maging mapag-hinala at ma-protekta sa sarili.

Ang Ahensya ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng County ng San Diego at ang Tanggapan ng District Attorney ay nagtutulungan upang maalertuhan ka sa iba't iba pang mga scam at panloloko sa ating komunidad, at mabigyan ka ng mga mapagkukunan na makakatulong kapag may problemang dumating.

Nag-aalok ang Stop Scams Toolkit na ito ng impormasyon tungkol sa mga karaniwang scam, mga tip upang maiwasang maging biktima at importanteng kontak na magagamit upang matuto ng higit o upang matulungan ka kung ikaw ay na-scam. Mangyaring ibahagi itong impormasyon sa pamilya at mga kaibigan. Sama-sama, mapoprotektahan natin ang ilan sa ating mga vulnerable na mga citizen at gawing hindi gaanong mapakikinabangan ang San Diego County para sa mga con artist na ito.

Seksyon 1: Mga Katotohanan sa Scam

Bakit Pinupunterya ng Mga Scammer ang Nakatatanda



Mga Katotohanan sa Scam



1 sa 5 na indibidwal sa U.S. ay may edad na 60+



1 sa 13 na matatandang tao ay maaabuso, mapapabayaang at/o pinansyal na sinasamantala



Tanging 1 sa 44 na kaso ng pang-aabusong pinansyal sa matatanda ang naiulat sa mga awtoridad



9% ng mga biktima ng pinansyal na pang-aabuso ay dapat bumaling sa Medi-Cal kapag ang kanilang sariling pondo ay nanakaw

Mga Paraan Upang Protektahan ang Iyong Sarili

Maging listo na ikaw ay nasa panganib sa mga estranghero at sa mga malalapit sa iyo.

- Huwag ilayo ang sarili – makibahagi sa nangyayari.
 - Laging sabihin sa mga solicitors: “Hindi ako kailanman bumibili o namimigay sa sinumang tumatawag o bumibisita sa akin ng walang pasabi. Magpadala sa akin ng anuman sa pamamagitan ng pagsulat.”
 - Laging magkaroon ng pangalawang linya ng depensa sa iyong pintuan, tulad ng naka-lock na screen na pintuan o isang security chain guard.
 - Palitan ang iyong online na password kada tatlong-buwan.
 - Punitin lahat ng resibong naglalaman ng iyong credit card number.
 - Mag sign-up para sa listahan ng “Huwag Tawagan” sa 1-888-382-1222 at sa listahan ng “Opt Out Mailing” sa 1-888-567-8688.
 - Gumamit ng direktang deposito para sa mga tseke sa benepisyo.
 - Kuhaan ng credit check ang iyong sarili nang hindi bababa sa 2 hanggang 3 beses bawat taon.
 - I-screen ang iyong caller ID para sa “pribado” o “hindi kilala” na mga tumatawag.
 - Huwag kailanman ibigay ang iyong credit card, banking, Social Security, Medicare, o iba pang personal na impormasyon sa telepono maliban kung ikaw ang gumawa ng pagtawag.
 - Maging mapag-alinlangan sa lahat ng mga hindi hinihinging alok.
 - Gumamit ng credit card sa halip na debit card. Ang mga credit card ay nag-aalok ng higit na proteksyon sa mga tuntunin ng kompensasyon para sa dinaan sa daya na pagbili.
 - Palitan ang iyong mga password sa online kung ang computer ay nagkaroon ng virus.
 - Kung ikaw ay nahihirapang subaybayan ang iyong pananalapi, kumuha ng kagalang-galang na katiwala o propesyunal upang pangasiwaan ang iba’t ibang aspeto ng iyong mga Gawain.
- Ang isang pampublikong tagapag-alaga ay maaaring itilagang conservator ng Probate Court kapag walang ibang alternatibo.

Seksyon 1: Mga Katotohanan sa Scam

Malamang na Mga Salarin

- Ang mga estrangherong nambibiktima ng matatanda na maaaring nakahiwalay, nag-iisa, nalilito, o desperado para sa atensyon.
- Mga tagapag-alaga at mga taong nasa posisyon na pinagtitiwalaan na gumagamit ng pananakot o pagkakasala para samantalain ang matanda.
- Mga miyembro ng pamilya na may nakaraang krimen at/o kasaysayan ng pag-abuso sa droga, adiskyon, kawalan ng trabaho.

Mga Senyales na Maaaring May Problema ang Mas Nakatatanda

- Hindi pangkaraniwang kamakailang pagbabago sa account ng isang tao, kabilang ang hindi tipikal na pagwithdraw, bagong naidagdag na (mga) tao, o biglaang paulit-ulit na paggamit ng ATM o credit card ng nakatatanda.
- Isang may malaking halagang tseke na nakasulat sa taong hindi mo kilala.
- Pagbabago sa kanilang power of attorney o ang mga benepisyaryo sa kanilang insurance o investment na mga account.
- Hindi karaniwan o di-kailangang mga pagbili, gaya ng pagbili ng golf club o isang brilyanteng pulseras.
- Hindi kinakailangang pag-aayos sa bahay.
- Pagiging malapit sa isang nakababatang tao o isang di-angkop na tao.
- Ang nakatatanda ay mukhang nalilito, marungis at takot.
- Ang utility, upa, sangla, medikal, o iba pang mahalagang bayarin ay hindi nabayaran sa kabila ng sapat na kita.
- Hindi papayagan ng tagapag-alaga ang iba na mapuntahan ang nakatatanda.
- Tambak na sweepstakes mailings, mga subskripsyon sa magazine, o “libreng mga regalo;” na nangangahulugang sila ay nasa “listahan ng mga manloloko.”



Seksyon 2: Mga Uri ng Scam

Mga Scam na Pumupunterya ng mga Nakatatanda

- Ang Scam sa Lolo't Lola (Grandparent Scam)
- Mga Sweepstake at Loterya na Pang-iiscam
- Mga Scam sa Telemarketing
- Mga Mapanlinlang na Anti-Aging na mga Produkto
- Panloloko sa Pangangalagang Kalusugan/Medicare/Health Insurance
- Peke na Inireresetang Gamot
- Mga Scheme sa Pamumuhunan
- Mga Panghihingi sa Bahay
- Panloloko sa Internet
- May-ari ng Bahay/Reverse Mortgage na mga Scam
- Scam sa Pagtatrabaho sa Bahay
- Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan
- Mga Scam sa mga Legal na Dokumento
- Internal Revenue Service (IRS) o Iba pang Ahensya ng Gobyerno na mga Scam
- Kontratista sa Panloloko sa Pag-aayos ng Bahay
- Mga Scam sa Libing at Sementeryo
- Mga Scam sa Kawanggawa
- "Libreng Pananghalian" na mga Seminar at Iba Pang Mga Freebie



Huwag matakot na pag-usapan ito at kumilos



MANATILING KALMADO
at Ibaba



MANATILING KALMADO
at Punitin



MANATILING KALMADO
at Burahin



MANATILING KALMADO
at Magplano ng Maaga



MANATILING KALMADO
at Humingi ng Payo

Ang paghihintay ay maaari lamang magpapalala

Seksyon 2: Mga Uri ng Scam



Ang Scam sa Lolo't Lola (Grandparent Scam)


Tatawagan ng scammer ang kanilang potensyal na biktima at sasabihing, “Kamusta Lola, kilala mo ba kung sino ito?” Huhulaan ng walang kamalay-malay na grandparent ang pangalan ng apo na kaboses ng scammer, at magpapakilala ang scammer sa pagkakakilanlan na iyon. Ang pekeng apo ay karaniwang hihingi ng pera para lutasin ang hindi inaasahang problema sa pinansiyal, na babayaran sa pamamagitan ng MoneyGram, na hindi laging nangangailangan ng pagkakakilanlan upang makolekta ang pera. Marami sa mga scammer na ito ang nagtuturo sa mga nakatatanda na kumuha ng reloadable na prepaid card, tulad ng “Green Dot.” “Green Dot” na mga card ay mga prepaid na credit cards ay maaaring mabili sa karamihan ng mga tindahan at maaaring i-reload ng hanggang \$500 sa isang pagkakataon. Ito ay red flag dahil kahit sino ay maaaring magkaroon ng access sa perang nakalakip sa card na ito hangga’t mayroon silang pin number.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- O siguraduhing kumpirmahin na ang tumatawag ay lehitimo at isang kakilala bago magpadala ng anumang pera.

- Magtanong ng anumang tanong na mahihirapang sagutan ng isang scammer.
- Kontakin ang taong inaangkin ng scammer.

Agad na kontakin ang serbisyo sa paglipat ng pera upang iulat ang isang scam. Maaari mong mabawi ang pera kung hindi pa ito nakukuha ng scammer. Kung nakuha na ang pera, hindi mo na ito mababawi. Gamit ang reloadable na prepaid card, ang pera ay maaaring masamsam agad nang walang pagkakataong mabawi ang mga pondong iyon.



Mga Sweepstake at Loterya na Pang-iiscam

Ipinapaalam ng mga scammer sa kanilang mga potensyal na biktima na sila ay nanalo ng loterya o sweepstake at kailangang gumawa ng pagbabayad upang ma-unlock ang premyo. Kadalasan, ang mga nakatatanda ay padadalhan ng tseke para ideposito, para lamang ito’y tumalbog pagkalipas ng ilang araw. Ang mga scammer ay mabilis na mangongolekta ng pera para sa mga bayarin o buwis sa premyo, na kanilang bubulsahin habang ang “perang premyo” ay aalisin mula sa account ng biktima.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Huwag magbayad para sa “libreng premyo.” Kung ang tumatawag ay nagsasabing ang bayad ay para sa mga buwis, siya ay lumalabag sa pederal na batas.

Seksyon 2: Mga Uri ng Scam



Telemarketing

Ang mga pekeng tawag na ito ay isa sa mga pinakamadalas na pamamaraan at halos imposibleng ma-trace. Kapag ang isang matagumpay na deal ay nagawa, ang pangalan ng mamimili ay karaniwang ibinabahagi sa mga katulad na manloloko na naghahanap ng mga madaling maloko, na nagiging sanhi ng paulit-ulit na pagkaloko ng parehong tao.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Huwag bumili sa hindi pamilyar na kumpanya.
- Palaging humingi at maghintay hanggang matanggap ang nakasulat na materyal tungkol sa anumang alok o kawanggawa.
- Kunin ang pangalan, pagkakakilanlan ng negosyo, numero ng telepono, address ng kalye, mailing address, at lisensya ng negosyo ng isang salesperson bago tapusin ang isang transaksyon.
- Alamin kung anong bahagi ng pera ang binayaran ng komisyon at anong bahagi ang napupunta sa kawanggawa o investment.
- Tanungin ang iyong sarili, “Ano talaga ang garantiyang mayroon ako na gagamitin ng salesperson na ito ang pera ko sa paraang napagkasunduan naming?”
- Huwag magbayad ng advance para sa mga serbisyo.
- Maging maingat sa mga kumpanyang gustong magpadala ng utusan sa iyong tahanan.

- Huwag magbayad para sa “libreng premyo.” Kung ang tumatawag ay nagsasabing ang bayad ay para sa mga buwis, siya ay lumalabag sa pederal na batas.
- Unawain na ang iyong impormasyon ay madalas na ipinapadala sa mga telemarketer sa pamamagitan ng mga third party.
- Kung ikaw ay nabiktima na, mag-ingat sa mga taong tumatawag para mag-alok ng tulong na mabawi ang iyong mga kawalan sa pamamagitan ng advance na pagbayad.
- Laging maglaan ng oras kapag gumagawa ng desisyon.

Kung mayroon kang impormasyon tungkol sa isang pangloloko, isumbong ito sa lokal, estado, at/o pederal na ahensyang nagpapatupad ng batas.

Mga Mapanlinlang na Anti-Aging na mga Produkto

Ang Pekeng Botox sa Arizona ay nagdala ng \$1.5 milyong dolyar sa mga distributor nito nang wala pang isang taon. Ang mga produktong tulad nito ay maaaring makaubos ng mga mapagkukunan at kung minsan, ang isang pangit na hanay ay maaaring magkaroon ng kahihinatnan sa kalusugan.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Kung ito ay waring hindi kapani-paniwala, malamang na gayon nga ito.
- Magtanong ng mga tanong tungkol sa produkto at gumawa ng sariling pananaliksik dito bago bilhin.
- Mag-ingat sa mga produktong sinasabing “tagumpay;”, “mga sekretong pormula” at/o sinasabing nagpapagaling ng iba’t ibang hindi nauugnay na mga sakit.
- Tanungin ang iyong doctor tungkol sa produkto.



Seksyon 2: Mga Uri ng Scam



Panloloko sa Pangangalagang Kalusugan/Medicare/Health Insurance

Ang ganitong uri ng panloloko ay maaaring kinabibilangan ng mga bayad para sa mga serbisyong hindi kailanman natanggap, pagbebenta ng mga hindi kinakailangan na mga device o mga serbisyo sa mga benepisyaryo, isang tao na gumagamit ng medical card ng ibang tao para sa kanyang sariling paggamit, o isang kumpanyang gumagamit ng maling impormasyon para makakuha ng biktimgang mapapasali sa isang plan.

Panloloko sa Health Insurance: Manatiling kalmado at...

- Huwag kailanman lumagda ng mga blangkong insurance claim na mga form.
- Huwag kailanman magbigay ng pangkalahatang pahintulot sa isang medikal na provider para bayaran ang mga serbisyong ibinigay.
- Tanungin ang iyong mga medikal na provider kung ano ang kanilang sisingilin at ano ang iyong inaasahang bayaran mula sa bulsa.
- Maingat na ireview ang paliwanag ng iyong taga-seguro o insurer tungkol sa Pahayag ng Benepisyo at tawagan ang iyong insurer at provider kung mayroon kang mga tanong.

- Huwag makipag-negosyo sa mga nagbebenta sa paraan na door-to-door o telepono na nagsasabing ang mga serbisyo sa medikal na kagamitan ay libre.
- Ibigay lamang ang iyong insurance/pagkakakilanlan ng Medicare sa mga taong nagbibigay ng iyong mga serbisyong medikal.
- Panatilihin ang tumpak na record ng lahat ng appointment sa health care.
- Alamin kung ang iyong doctor ay nag-order ng kagamitan para sa iyo.

Mga Panloloko sa Medicare:

Manatiling kalmado at...

- Protektahan ang iyong Medicare number tulad ng ginagawa mo sa iyong mga credit card number at huwag hayaang ang iba na gamitin ito.
- I-review ang iyong mga pahayag ng Medicare upang masiguro na natanggap mo ang mga serbisyong siningil.
- Ireport ang mga kahina-hinalang mga aktibidad sa 1-800-MEDICARE
- Para sa karagdagang impormasyon: bisitahin ang California Health Advocates sa:
www.cahealthadvocates.org/fraud-abuse/

Seksyon 2: Mga Uri ng Scam

Peke na Inireresetang Gamot

Maraming nakatatanda ang interesado sa mga produktong nag-aalok na mapabuti ang pag-andar ng pag-iisip, kalakasan, pisikal na kondisyon gayundin ang pag-iwas sa kanser. Ang mga panlolokong ito ay ginagawa sa Internet kung saan pumupunta ang parami ng parami na mga nakatatanda upang makahanap ng mas mababang presyo sa mga espesyal na gamot.

Manatiling kalmado at...

- Burahin ito!
- Maging lubhang maingat sa mga pagbili sa labas ng bansa; hindi alam ang mga sangkap at hindi inaprubahan ng FDA.
- Suriin ang packaging para sa anumang mga pagbabago mula sa isang reseta patungo sa susunod.
- Maging maingat kapag nag-oorder ng inireresetang gamot sa online.
- Mag-ingat sa mga produktong nagsasabi na “special deal”.
- Kumonsulta sa iyong doctor bago bumili ng bagong reseta.
- Mag-ingat sa mga produktong nagsasabi na walang mga side effect.
- Ipaalam sa iyong doctor ang anumang masamang side effect o kung ang iyong kondisyon ay hindi bumuti.



Mga Scheme sa Pamumuhunan

Ang mga pyramid scheme, kumplikadong mga pinansyal na produkto at kahilingan upang ma-claim ang perang pamana, lahat yan ay pinupunterya at sinasamantala ang mga nakatatanda.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Kung ito ay waring hindi kapani-paniwala, malamang na gayon nga ito.
- Huwag mag-invest maliban kung naunawaan ang kasunduan.
- Beripikahin ang mga pagkakakilanlan ng mga tao at mga franchise na iyong katrabaho.
- Mag-ingat sa mga nagsasabing labis ang kita at napakataas na ani.
- Kumonsulta sa walang pinapanigan na ikatlong partido.
- Mag-ingat sa mga may mataas na presyon at pitch.

Seksyon 2: Mga Uri ng Scam

Mga Panghihingi sa Bahay

Hinahangad lang nilang mawalay ka sa iyong pera. Huwag magmadali o matakot. Kung pipiliin mong bumili mula sa kanila o gumamit ng kanilang mga serbisyo, kunin ang kasulatan ng lahat ng impormasyon at mga pangako. Kung bumili ka ng isang bagay mula sa door-to-door na solicitor, mayroon kang legal na karapatan na isauli ito sa loob ng tatlong araw.

Manatiling kalmado at...

- Humingi ng payo!
- Huwag kailanman lumagda ng biglaan ng kahit ano, kabilang ang mga form at lalo na ang mga blangkong form.
- Huwag kailanman makipagkita sa ahente nang mag-isa, lalo na sa iyong tahanan. Magkaroon ng katiwa-tiwalang tagapayo.
- Ang ahente ay sinusubukang magmukhang kaibigan, ngunit tandaan na siya ay isang estranghero.
- Huwag kailanman lumagda o magbayad sa araw na ang “kasunduan” ay ipinakita.
- Humingi ng kopya ng lahat.
- Idokumento sa kasulatan ang lahat ng mga pangako/garantiya.

Panloloko sa Internet

Kapag gumagamit ka ng internet, paano mo pinoprotektahan ang iyong sarili mula sa mga magnanakaw ng pagkakakilanlan at mga hacker? Habang isinasaalang-alang mo ang online banking at pamimili, paano mo maiiwasang manakaw ang impormasyon ng iyong account?

Manatiling kalmado at...

- Burahin ito!
- Gumamit ng unique, kumplikadong mga password para sa bawat online account at computing device: Walo o higit pang mga character kabilang ang kapital na titik, maliit na titik, mga numero at espesyal na characters.
- Panatilihing napapanahon ang mga operating system, application at anti-virus na mga program.
- Mag-download lamang ng mga program mula sa mapagkakatiwalaang source.

- Ang Freeware at Shareware ay parehong kilala na puno ng mga virus.
- Limitahan ang personal impormasyon ng pagkakakilanlan na ipino-post sa mga site ng social media at limitahan ang bilang ng taong makakakita nito.
- Mag-ingat sa mga website ng phishing. Kung ikaw ay kinontak ng isang institusyong pampinansyal at hinihiling sa iyo na magbigay ng impormasyon para mapalitan nila ang iyong password, ikaw ay nakikipag-usap sa isang criminal. Huwag sumagot sa mga mensaheng ito sa pamamagitan ng pag-click sa mga nakaembed na link o tawagan ang mga numerong ibinigay nila.
- Magsagawa lamang ng pinansyal na negosyo at mga transaksyon na online sa mga website na naka-encrypt. Tingnan upang matiyak ng ang website URL ay may https o shttp, sa halip na http lamang. Ang hindi naka-encrypt na website (http) ay hindi dapat pagkatiwalaan ng sensitibong pinansyal na impormasyon ng iyong mga numero ng card sa pagbabayad.



Seksyon 2: Mga Uri ng Scam



May-ari ng Bahay/Reverse Mortgage na mga Scam

Mahilig samantalain ng mga scammer ang mga may may-ari ng bahay, na mahalagang ari-arian. Para sa pinagkakatiwalaang impormasyon sa reverse mortgage at proteksyon sa mga mamimili, bisitahin ang: www.ncoa.org at i-click ang 'reverse mortgages' o ilagay ang 'home equity' sa search box.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Huwag sumagot sa mga di-inanyayahang mga advertisement.
- Mag-ingat sa mga advertisement na nagsasabing maaari kang magkaroon ng bahay ng walang paunang bayad.
- Huwag lumagda ng anumang dokumento na hindi mo naiintindihan.
- Humanap ng tagapayo ng reverse mortgage upang sagutin ang iyong mga katanungan.

Scam sa Pagtatrabaho sa Bahay

Ang mga scammer ay magpopost ng mga classified ads sa online at nakaprint na humihiling sa taong magtrabaho mula sa bahay. Ang ilan ay hihilingan sa mga taong bumili ng kanila sariling gamit at mga supply. Maaaring mag-alok ang mga scammer ng “advance na pagbabayad;” pagkatapos ay hihingi ng bahagi ng bayad. Pagkatapos maipadala ang pera, ang orihinal na tseke ay tatalbog.

Manatiling kalmado at...

- Punitin ito!
- Mag-ingat sa mga classified na ad o mga online job na posting para magtrabaho mula sa bahay, kabilang ang mga lihim na mamimili.
- Palaging i-verify na ang kumpanya ay lehitimo.
- Tingnan ang Better Business Bureau:
www.bbb.org

Seksyon 2: Mga Uri ng Scam



- Mag-ingat sa mga scam sa telepono – huwag kailanman magbigay ng personal na impormasyon sa telepono sa taong unang tumawag sa iyo.

Legal na mga Dokumento

Pipilitin ng mga scammer ang kanilang potensyal na biktima na lumagda ng isang legal na dokumento nang mabilis nang hindi humihingi ng pangalawang opinyon. Ang mga dokumentong ito ay maaaring kinabibilangan ng pinansyal na power of attorney, mga tiwala, mga testamento, at paunang direktiba.

Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan

Ang scammer ay gagamitin ang personal na impormasyon (Social Security Number, credit card, o numero ng driver's license) nang walang pahintulot ng tao upang maaccess ang mga account, magbukas ng bagong account, o mag-apply para sa mga loan o mga mortgage. Ang impormasyong ito ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtingin mula sa balikat ng biktima sa isang ATM o pakikinig sa usapan sa telepono, sa pagkalkal ng basura para sa mga statement o preapproved na mga credit card, o mga email na mukhang galling sa lehitimong kumpanya na humihiling sa isang potensyal na biktima na mag-update o mag-verify ng personal na impormasyon.

Manatiling kalmado at...

- Punitin ito!
- Maging maingat sa iyong mail – huwang hayaang ang mga paparating na mail na matengga sa iyong mail box sa loob ng mahabang panahon. Mas ligtas ang naka-lock na mailbox.
- Kapag nagpapadala ng sensitibong mail, isaalang-alang na iwanan ito sa isang ligtas na collection box o direkta sa post office.
- Gumamit ng crisscross na pamunit ng papel.
- I-monitor ang iyong mga statement sa bank at credit card.
- Huwag magpaloko sa phishing scam – kapag nag-aalinlangan ka, tawagan ang institusyon ng email na sinasabing pinagmulan o magsaliksik ng potensyal na scam sa online.

Manatiling kalmado at...

- Humingi ng payo!
- Huwag ma pressure na lumagda agad agad at lagging humingi ng pangalawang opinyon.
- Siguraduhing naiintindihan mo ang iba't ibang uri ng power of attorney.
- Mag-ingat sa mga pagbabagong ginawa sa mga dokumento nang hindi mo alam kung kailan, o paano, ito nangyari.
- Huwag lumagda ng mga dokumento nang hindi personal na nakikipagkita sa abogado.



Seksyon 2: Mga Uri ng Scam

Internal Revenue Service (IRS) o Iba Pang Mga Scam Bilang Ahensya ng Pamahalaan

Ang mga scammer ay nagpapanggap bilang mga kinatawan ng gobyerno at ahensya ng publiko, gaya ng pulisya, bumbero, mga korte at utilities. Tumatawag ang mga scammer na sinasabing sila ay empleyado ng IRS, kadalasan ay may pekeng pangalan at pekeng numero ng badge ng IRS. Maaaring sabihin ng tumatawag na may utang na pera at kailangang bayaran sa pamamagitan ng pre-loaded na debit card o wire transfer. Ang tumatawag ay maaari ring humiling ng pribadong impormasyon, na sinasabing ang tao ay babayaran ng refund.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Ang IRS ay hindi gagamit ng hindi hiniling na mga email, text message o social media para pag-usapan ang mga buwis.
- Ang IRS ay makikipag-ugnayan sayo sa pamamagitan ng mail, hindi sa telepono
- Huwag gumamit ng pre-paid na debit card o wire transfer para magbayad sa sinuman na nagsasabing siya ay IRS sa pamamagitan ng telepono.
- Mag-ingat sa mga tawag mula sa IRS, kahit na nakasulat sa caller ID ang Internal Revenue Service o IRS.
- Kung sa palagay mo ay may utang kang buwis, tumawag sa 1-800-829-1040 at ang isang empleyado ng IRS ay tutulong sa anumang mga isyu sa pagbabayad.

Ireport ang mga insidente sa Treasury Inspector General para sa Tax Administration sa 1-800-366-4484 o www.tigta.gov



Kontratista sa Panloloko sa Pag-aayos ng Bahay

Maaaring harapang hilingin ng kontratista ang pera – na maaaring 30 hanggang 50 porsyento ng halaga ng proyekto – at pagkatapos ay mawawala. Ang scammer ay maaaring pumayag sa mga extra na gusto mo, ngunit hindi kailanman ilalagay ang mga ito sa kontrata at hihingi ng karagdagang bayad para sa mga serbisyong iyon.

Manatiling kalmado at...

- Mag-hang up!
- Kumuha ng tatlong detalyadong nakasulat na pagtatantya bago gumawa ng pag-kumpuni o pagsasaayos.
- Talakayin ang desisyon sa pamilya o mga kaibigan.
- Makipag-ugnayan sa Contractor State License Board sa 1-800-321-2752 para kumpirmahin ang kasalukuyang lisensya ng kontratista at insurance ng kumpensasyon ng manggagawa.
- I-check sa Better Business Bureau sa 858-496-2131 o www.bbb.org tungkol sa mga reklamo at resolusyon.
- Basahin ng maigi ang lahat ng kontrata at kasunduan sa pagbili bago lumagda at tiyakin na ang lahat ng kinakailangan ay nakasulat.
- Siguraduhin na nauunawaan mo ang lahat ng tuntunin sa pagkansela ng kontrata at pag-refund.
- Huwag hayaan ang iyong sarili ng mapressure bumili, lumagda ng mga kontrata, o magtalaga ng mga pondo. Ang paunang deposito ay dapat na 1- porsyento lamang ng kabuuan, hanggang sa maximum na \$1,000.

Seksyon 2: Mga Uri ng Scam



Mga Scam sa Libing at Sementeryo

Ang mga scammer ay maaaring magbasa ng mga obitwaryo at tumawag o dumalo sa libing ng isang ganap na estranghero upang samantalain ang nagdadalamhating balo o byuda sa pamamagitan ng pagsasabing ang namatay ay may natitirang utang sa kanila. Ang mga hindi mapagkakatiwalaang punerarya ay maaaring magdagdag ng mga di-kailangang singil sa babayaran sa palagay na hindi pamilyar sa mga miyembro ng pamilya sa gastos sa serbisyo ng paglibing.

Manatiling kalmado at...

- Magplano ng maaga!
- Magpasya ng maaga upang maiwasan ang emosyonal na labis na paggastos at pressure na bumili ng anumang mga serbisyo o mga bagay na hindi mo kailangan.
- Ihambing ang mga presyo ng hindi bababa sa dalawang magkaibang punerarya.
- Humingi ng listahan ng mga presyo at isang katalogo ng mga casket upang makita ang lahat ng mga opsyon.

Mga Scam sa Kawanggawa

Sinusubukan ng mga manloloko na mangolekta ng pondo para sa hindi umiiral ng kawanggawa. Magbigay lamang sa mga alam mong maaasahan. Mag-ingat sa manggagaya o kaparehong pangalan ng kagalang-galang na kawanggawa. Humingi ng nakasulat na impormasyon at katibayan na ang iyong kontribusyon ay mababawas sa buwis. Ang Better Business Bureau ay nagpapanatili ng listahan ng kagalang-galang na kawanggawa: www.bbb.org

“Libreng Pananghalian” na mga Seminar at Iba Pang Mga Freebie

Ang mga nakatatanda ay madalas na iniimbitahan sa mga seminar na nag-aalok ng libreng pagkain at impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa investment, produkto sa insurance o mga testamento at pagtitiwala. Ang mga seminar na ito ay bihirang tungkol sa edukasyon; gusto nilang mag-recruit ng bagong kliyente at magbenta ng mga produkto. Maaari nilang subukang ibenta sa iyo ang di-angkop na investment o kumbinsihin kang palitan ang iyong kasalukuyang investment. Kadalasan ay susundan nila ang tanghalian ng pagtatangkang kilalanin ka nang personal sa iyong tahanan. Gayundin, sa tuwing sumasali ka sa isang paligsahan o raffle, hinihiling sa iyo na magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong sarili, kahit na ito ay ang iyong address o email address lamang. Muli, binubuksan mo ang iyong sarili sa mga tawag sa pagbebenta. Ang mga pangalan at mga address ay kadalasang ibinibenta sa ibang ahente at, nakakalungkot, sa mga scammer. Ang pagtanggap ng “libre” na mga regalo ay maaaring mapamahal sa huli.

Manatiling kalmado at...

- Tanggihan!
- Iwasang dumalo sa mga libreng seminar.
- Humingi ng mga propesyunal na referral mula sa mga taong pinagkakatiwalaan mo kung kailangan mo ng payo sa investment o tulong sa mga pangunahing dokumento, gaya ng testamento.
- Huwag sumali sa anumang paligsahan o raffle na nangangailangan na magbigay ka ng anumang personal na impormasyon.



Seksyon 3: Mga Mapagkukunan

Huwag matakot na pag-usapan ito at kumilos



**MANATILING
KALMADO**
at Ibaba



**MANATILING
KALMADO**
at Punitin



**MANATILING
KALMADO**
at Burahin



**MANATILING
KALMADO**
*at Magplano ng
Maaga*



**MANATILING
KALMADO**
*at Humingi ng
Payo*

Ang paghihintay ay maaari lamang

Pinansyal na Panloloko

Sundin ang mga hakbang na ito kung sa palagay mo ay naging biktima ka ng anumang panloloko na maaaring maglagay ng iyong pananalapi sa panganib. Maaaring kabilang dito ang mga panlolokong nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan/Medicare, health insurance, pekeng reseta sa gamot, mga scam sa libing at sementeryo, panloloko sa mga produktong anti-aging, mga telemarketer, panloloko sa internet, mga investment scheme, mga scam sa may-ari ng bahay at reverse mortgage, mga scam sa sweepstake at loterya, ang Grandparent na Scam, pagnanakaw ng pagkakakilanlan at mga legal na dokumento.

Manatiling kalmado at...

- Tawagan ang iyong bangko at/o kumpanya ng credit card.
- Kanselahin ang anumang debit o credit card na naka-link sa ninakaw na account.
- I-reset ang iyong (mga) numero sa personal na pagkakakilanlan.
- Magsumite ng ulat sa pulisya.
- Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyong Proteksyon ng Adulto, Linya sa Pag-uulat ng Pang-aabuso sa Nakadependeng Nakatatanda o Dependent Adult Abuse Reporting Line: 1-800-510-2020

Mga Medicare na Scam

- Ireport ang mga kahina-hinalang mga aktibidad sa 1-800-MEDICARE

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Medicare scam, bisitahin ang www.cahealthadvocates.org/fraud

Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan

- Makipag-ugnayan kaagad sa iyong (mga) bangko at mga kumpanya ng credit card.
- Makipag-ugnayan sa Identity Theft Recourse Center: 858-693-7935 at www.idtheftcenter.org
- Magsumite ng ulat sa pulisya. Ang mga kumpanyang pinagtatrabahuhan mo ay maaaring gustong makakita ng kopya ng report na ito para linawin ang mga isyu ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan.
- Mag-file sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng paggamit ng form ng online complaint sa www.ftc.gov, o tumawag sa theft hotline sa 1-877-ID-THEFT
- Makipag-ugnayan sa Social Security Fraud Hotline sa 1-800-269-0271

Seksyon 3: Mga Mapagkukunan

- Maglagay ng alerto sa panloloko sa mga ahensya ng credit-reporting:
 - * Experian: 1-888-397-3742 (TDD 1-800-972-0322)
 - * Equifax: 1-888-766-0008 (TDD 1-800-255-0056 at humiling ng koneksyon sa Auto Disclosure Line sa 1-800-685-1111)
 - * Transunion: 1-800-680-7289 (TDD 1-877-553-7803)

Krimen sa Internet

- Sentro para sa mga Reklamo sa Krimen sa Internet ng FBI o FBI's Internet Crime Complaint Center:
www.ic3.gov
- Protektahan ang iyong sarili bago maging biktima:
 - * Mag-sign up para sa listahan ng "Do Not Call" sa 1-888-382-1222 o www.donotcall.gov
 - * Mag-sign up para sa listahan ng "Opt Out Mailing" sa 1-888-567-8688 o bisitahin ang www.optoutprescreen.com
 - * Bisitahin ang www.onguardonline.gov

Mga Organisasyon na may Mapagkukunan tungkol sa mga Scam at Panloloko

Consumer Financial Protection Bureau:

www.consumerfinance.gov

Consumer Federation of America: www.consumerfed.org

Elder Financial Protection Network:

www.elderfinancialprotection.org

FINRA Investor Education Foundation:

www.saveandinvest.org

National Consumer League's Fraud Center: www.fraud.org

Justice in Aging:

www.justiceinaging.org

Women's Institute for Secure Retirement:

www.wiserwomen.org

Aging & Independence Services: 800-339-4661

www.aging.sandiegocounty.gov

Adult Protective Services: 800-339-4661

www.aging.sandiegocounty.gov

Long Term Care Ombudsman: 800-640-4661

www.aging.sandiegocounty.gov

Elder Law & Advocacy: 858-565-1392

www.seniorlaw-sd.org

Credit Bureaus

Experian: 1-888-397-3742 (TDD 1-800-972-0322)

www.experian.com

Equifax: 1-888-766-0008 (TDD 1-800-255-0056 at humiling ng koneksyon sa Auto Disclosure Line sa 1-800-685-1111)

www.equifax.com

Transunion: 1-800-680-7289 (TDD 1-877-553-7803);

www.transunion.com

Free Credit Report (lahat ng kawanihan): 1-877-322-8228;

www.annualcreditreport.com



Seksyon 3: Mga Mapagkukunan

Iba pang Mapagkukunan

Attorney General (San Diego County): 800-952-5548

www.caag.state.ca.us

Bar Association (San Diego County): 619-231-0781

www.sdcba.org

Better Business Bureau (San Diego): 858-496-2131

www.bbb.org

City Attorney (San Diego): 619-236-6220

www.sandiego.gov/cityattorney

Consumer Product Safety Commission: 800-638-2772

www.cpsc.gov

Contractors State License Board (California):

800-321-2752; www.cslb.ca.gov

Dept. of Consumer Affairs (California): 800-952-5210;

www.dca.ca.gov

Dept. of Real Estate (California): 877-373-4542;

www.dre.ca.gov

Direct Marketing Association: 212-768-7277;

www.dmaconsumers.org

Direct Selling Association: 202-452-8866

www.dsa.org

District Attorney (San Diego County): 619-531-4040

www.sdcda.org

District Attorney Fraud Unit (San Diego County):

619-531-3507; www.sdcda.org

District Attorney Insurance Fraud Unit (San Diego County):

619-531-3749

Do Not Call Registry: www.donotcall.gov

Federal Communications Commission (FCC):

888-225-5322; www.fcc.gov/complaints

Federal Trade Commission (FTC): 877-382-4357

www.ftc.gov

Federal Deposit Insurance Corporation (FDIC):

877-275-3342; www.fdic.gov

Identity Theft Resource Center: 888-400-5530

www.idtheftcenter.org

Opt Out (sa mga alok ng credit card): 888-567-8688

www.optoutprescreen.com

Phonebusters (isumbong ang Canadian lotto scam):

888-495-8501; www.phonebusters.com

Phonebusters (isumbong ang Canadian lotto scam): 619-298-

3396; www.privacyrights.org




Aging & Independence Services (AIS)

Pinangungunahan ng Aging & Independence Services (AIS) ang adbokasiya, impormasyon at kaligtasan upang mapalakas ang dignidad at mapabuti ang kalidad ng buhay para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan sa San Diego County.

Kabilang sa mga programa ng AIS ang:

- Adult Protective Services
- Caregiver Support
- Care Management Programs
- Cool Zones
- Grandparents Raising Grandchildren Assistance
- Health Insurance Counseling
- Health Promotion
- Information and Assistance
- In-Home Supportive Services
- Public Guardian/Public Administrator
- Intergenerational Programs
- Legal Assistance
- Long-Term Care Ombudsman
- Nutrition Services
- Outreach and Education
- Project CARE
- Senior Volunteers in Action (SVA)
- Senior Mental Health Team
- At higit pa!



Ang anunsyo ng serbisyong pampubliko na ito ay pinondohan sa bahagi ng ipinagkaloob ng Indian Gaming Special Distribution Fund na ibinigay ng Barona and Sycuan Tribal Governments.

Ang biyenan ni Paula ay naloko sa **Grandma Scam**

Nang malaman namin ang katotohanan, nalimas ang lahat ng kanyang pera.

Bigyang atensyon kung ang gawain ng iyong may-edad na magulang ay biglang magbago.

Sana napansin ko.



800-339-4661

www.Aging.SanDiegoCounty.gov

www.SafeSeniorsSanDiego.org